

**GABAY SA ARALING  
SAGISAG KULTURA NG  
FILIPINAS  
LESSON EXEMPLAR**



# GABAY SA ARALING SAGISAG KULTURA NG FILIPINAS

## LESSON EXEMPLAR

GALILEO ZAFRA, PhD  
FERDINAND LOPEZ, MA  
Editors



**PCEP**  
PHILIPPINE CULTURAL EDUCATION PROGRAM



**NCCA**

MANILA  
2015

## **GABAY SA ARALING SAGISAG KULTURA NG FILIPINAS LESSON EXEMPLAR**

Karapatang-ari © 2015 ng PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING.

Reserbado ang lahat ng karapatan. Walang bahagi ng aklat na ito ang maaaring sipiin o gamitin sa alinmang paraan nang walang pahintulot mula sa may-akda at tagapaglathala.

### **EDITORIAL BOARD**

Issue Editor: Joseph Sonny Cristobal  
Editorial Collective: Dr. Galileo S. Zafra  
Prof. Ferdinand Lopez  
Dr. Pamela Constantino  
Dr. Orlando Magno

Writers: Julius Sarabia, Benster Comia, Fredelyn Tarrobal, Jonathan Jimenez, Juvilyn Miasco, Patson Opido, Rodel Guzman, Salvador Patricio, Richard Moral Jr.

PCEP Secretariat: Alpha Ruiz  
Jennifer Bautista  
Agnes Villareal  
Jonna Requiastas  
Herminia B. Laudencia  
Rey Clement D. Maaliao

Layout Artist and Cover design by: Angeli Narvaez.

---

Inilathala at ipinamamahagi ng



**PCEP**  
PHILIPPINE CULTURAL EDUCATION PROGRAM

PHILIPPINE CULTURAL EDUCATION PROGRAM  
NCCA-PCEP Room 3d NCCA Building 633 General Luna St.  
Intramuros, Manila • Tel. 5272192 loc 309  
Email: [pcep.secretariat@gmail.com](mailto:pcep.secretariat@gmail.com)



PAMBANSANG KOMISYON PARA SA KULTURA AT MGA SINING  
633 General Luna Street, Intramuros, Maynila 1002  
Tel. 527-2192 to 97 • Fax: 527-2191 to 94  
Email: [info@ncca.gov.ph](mailto:info@ncca.gov.ph) • Website: [www.ncca.gov.ph](http://www.ncca.gov.ph)

The National Commission for Culture and the Arts (NCCA) is the overall coordination and policymaking government body that systematizes and streamlines national efforts in promoting culture and the arts. The NCCA promotes cultural and artistic development; conserves and promotes the nation's historical and cultural heritages; ensures the widest dissemination of artistic and cultural products among the greatest number across the country; preserves and integrates traditional culture and its various expressions as dynamic part of the national cultural mainstream; and ensures that standards of excellence are pursued in programs and activities. The NCCA administers the National Endowment Fund for Culture and the Arts (NEFCA).

# NILALAMAN

## **Panimula**

ni JOSEPH "SONNY" CRISTOBAL. . . . . 7

**ARALING SAGISAG KULTURA: Kikilalanin, Pahahalagahan,  
Palaganapin ng mga Guro** ni JULIUS V. SARABIA. . . . . 9

## **Araling Sagisag Kultura**

Culture-based Lesson Exemplar in Mathematics Grade 6

**VOLUME OF CYLINDER (Kawayan)** by JULIUS V. SARABIA. . . . . 22

Culture-based Lesson Exemplar in Technology and Livelihood Education Grade 9

Computer Education: **Pagpapakilala, Pagpapahalaga, at Paggamit sa**

**Surat Mangyan sa Araling *Selecting Appropriate Font Style for***

**Powerpoint Presentations** ni BENSTER GEMPES COMIA. . . . . 42

Semi-Detailed Culture-based Lesson Exemplar in Araling Panlipunan Grade 9

**Kasaysayan ng Daigdig: Ikalawang Digmaang Pandaigdig** ni F. TARROBAL. . . . . 65

Semi-Detailed Culture-based Lesson Exemplar on Health Education Grade 8

**Reproductive System: Filipino Reproductive Belief and Practices** by Jonathan T.

Jimenez. . . . . 99

Semi-Detailed Culture-based Lesson Exemplar on Health Education Grade 10

**Lana, (bisaya term): Mananamba , Pasmu, Panghimasmo, Hilot, Patayhop**

**Traditional Healing Practices and its Practitioners** by JUVILYN MIASCO. . . . . 112

Semi-Detailed Culture-based Lesson Exemplar on Higher Elementary English Grade 4

**The Teaching of Verbs using Moriecos Production** by PATSON P. OPIDO. . . . . 123

Lesson Exemplar sa Filipino Grade 7

**Pang-uri at Prosidyural na Pagpapahayag:**

**Dendelut ng mga Itawes** ni **RODEL B. GUZMAN** . . . . . 151

Culture-based Lesson Exemplar in MSEP-Sining Grade 6

**Pagtuturo ng Sining sa Pamamagitan ng Pagpapakilala sa Vinta bilang  
Sagisag Kultura ng Lungsod ng Zamboanga** ni **SALVADOR M. PATRICIO**. . . . . 175

Huwarang Aralin Batay sa Kultura sa Filipino Grade 2

**Epiko ni Tudbulul** ni **RICHARD P. MORAL** . . . . . 202

## PANIMULA

**A**ng isa sa mga dahilan ng malawakang kampanya ng Philippine Cultural Education Program (PCEP) sa buong bansa ay ang pagkakaroon ng sistema at programang pang-edukasyon na matatag na nakasandig sa kulturang Filipino. Sa mga kumperensiyang isinagawa ng PCEP sa iba't ibang rehiyon ng bansa, nahinuha na karamihan sa mga guro ng elementarya at sekundarya ay may kakaunting kaalaman sa kultura at kasaysayan ng ating bansa. Hindi naging mahalagang aralin o karunungan para sa kanila ang kultura at kasaysayan dahil sa ating kolonyal na edukasyon. Lumalabas tuloy na mahina ang mga guro sa integrasyon ng kulturang Filipino sa kani-kanilang mga itinuturong aralin sa paaralan.

Bukod sa kaalaman sa wika, mahalagang may sapat na pagkabatid ang mga guro sa pamanang lahi at sining upang maging buo ang pagkatao ng ating mga kabataan. Dapat ding isaalang-alang ng guro na sa programang K to 12 ay kailangang mapalutang ang kaalamang kultural upang makatulong sa paglikha ng mga napapanahon at makabuluhang programang pang-edukasyong magtatawid sa sosyo-kultural, at pang-ekonomikong probisyon ng *ASEAN Integration*. Mahalagang muling matuklasan ng mga guro ang bisa ng kulturang Filipino na magbuklod at magpatibay ng pamayanang pambansa upang makasabay sa hamon ng rehiyonalisasyon at globalisasyon.

Sa edukasyong kultural, ang kultura ay binubuo ng samot-saring paniniwala, pagpapahalaga, sining, at teknolohiya ng isang pamayanan. Sa madaling salita, ito ay gawi o pamumuhay ng mga taong nakatira sa isang tiyak na lunan at sa isang espesipikong sandali ng kasaysayan. Ito ay nalilikha ng mga nagsasangandaang ideolohiya o politika, heograpiya o lugar, kasaysayan o panahon ayon sa isang iskolar sa araling pangkultura na si Edward Soja. Moog ng identidad ang kultura—tampok ang kamalayan, katawan, at kaluluwa na pinanday ng lugar, panahon, at ng kapangyahirang namamayani sa isang bayan. Sa Filipinas, hindi akma ang pagkilala sa iisang namamayaning kultura dahil sa pagiging arkipeladyik nito, at bunga na rin ng iba't ibang karanasan ng mga mamamayang nakipamuhay at nakipamisan sa mga pulo, at isla nito sa iba't ibang panahon.

Malinaw na naipaliwanag ni Nick Joaquin ang maling nakagisnang pagsasalarawan ng kultura ng Filipinas bilang sibuyas na binubuo ng maninipis na balat. Sa "Onion Theory of Culture," banggit ng kritikong pangkultura na si Nick Joaquin na hindi maaaring puro o lantay na kultura ang ating makikita sa bawat balat ng sibuyas na ating tinatalupan, sa huli aniya, pawang luha lamang ang ating mapapala dahil sa ating maling pang-unawa sa

ating sariling kultura at kasaysayan. Kaya nga, inaasahan na ang guro ay may kakayahang mabatid ang kultura, at kasaysayan ng kaniyang kinapapalooban o kinabibilangang komunidad, upang maiakma niya ang kaniyang aralin sa pangangailangan, karanasan, at saloobin ng kaniyang pamayanang pinaglilingkuran at tinuturuan upang maihatid ang bansa sa tarangkahan ng mas maunlad na kinabukasan.

Winika nga ni Navine Kumar Singh sa kaniyang “Culturally Appropriate Education: Theoretical and Practical Implications” na ang makabuluhang kultural na pag-aaral: “melds instruction to better fit the expectations and cultural patterns of the group being served.” Ibig sabihin nito na ang mga guro ay may obligasyong bumalik sa kaniyang komunidad na siyang bukal at batis ng karunungan mahalaga, napapanahon, at naaayon sa pangangailangan ng pamayanan. Pagyamanin ang kaalamang pampayananan at pagpahalagahan ang mga pamanang lahi na matatagpuan sa komunidad—mga sagisag kulturang gamit sa pagtuturo sa mga partikular na disiplina, halimbawa ay sa matematika, agham pisikal at panlipunan, at iba pa, na mag-uugnay sa mga lokal na kaalaman at sa mga praktikal na layunin ng pag-aaral na ganap na bubuo sa pagkatao ng mag-aaral.

Sa lathalaing ito, nakalikom ang PCEP ng siyam (9) na araling maituturing na Lesson Exemplars gamit ang edukasyong kultural. Ang siyam na ito ay nagwagi sa mga *DIWANG Lesson Exemplar Competition* noong taong 2013 at 2014. Nagkaroon ng samasamang pagwawasto at editing ang mga nagwagi sa harap ng mga eksperto sa paglikha ng Lesson Plan tulad nina Dr. Orlando B. Magno, Komisyoner ng NCCA at KWF; Dr. Pamela Constantino, at Dr. Galileo S. Zafra ng UP Diliman. Dumaan din sa *blind refereeing* ang publikasyong ito kahit na nagwagi na sa kompetisyon ang mga Lesson Plan na kasama dito upang matiyak ang kalidad ng mga materyal. Magkatuwang sina Prop. Ferdinand Lopez ng UST at Dr. Galileo Zafra sa editing ng publikasyong ito.

Ang aklat na ito ay panimulang lathalain ng PCEP para maging gabay ng mga guro sa pagtuturo ng iba’t ibang disiplina na nakaugat sa kultura.



**Joseph “Sonny” Cristobal**

Direktor

Philippine Cultural Education Program

National Commission on Culture and the Arts